



## **IKA-SAMPUNG LINGGO MATAPOS ANG PENTECOSTES**

**Ika-13 ng Agosto 2017**

### **KAAYUSAN NG PAGSAMBA**

#### **PANIMULANG TUGTUGIN/PAGHAHANDA**

(Matahimik na Paghahanda sa saliw ng tugtugin...)

Tayo'y may pananalig kung nagtitiwala tayong mangyayari ang mga inaasahan natin, at naniniwala sa mga bagay na di natin nakikita. At kinalugdan ng Diyos ang mga tao noong una dahil sa kanilang pananalig sa kanya. Dahil sa pananalig sa Diyos, nauunawaan natin na ang sanlibutan ay nilalang sa pamamagitan ng salita niya, at ang mga bagay na nakikita ay mula sa mga hindi nakikita. Dahil sa pananalig sa Diyos, tumalima si Abraham nang siya'y papuntahin ng Diyos sa lupang ipinangako sa kanya. At humayo siya, bagamat hindi niya alan kung saan paroroon. Dahil din sa kanyang pananalig, siya'y nanirahan bilang dayuhan sa lupang ipinangako sa kanya ng Diyos.

*Hebreo 11:1-3, 8-9*

#### **† AWIT NG PAGDIRIWANG/PROSESYUNAL**

**MASP #11**

##### **“Lwalhatiin Natin Ang Diyos”**

Lwalhatiin natin ang Dios, Haring walang hanggan.

Purihin natin s'ya na dulot ay kaligtasan!

Ulinigin ang tawag sa sambahan, Dios ay pinapupurihan.

Lwalhatiin natin ang Dios, na lubhang dakila.

Na ating laging kanlungan na kumakalinga!

Hindi mo ba pansin ang iyong nasa ay ibinigay na pawa.

Lwalhatiin ang Dios na sa ati'y umiirog.

Sa bawat sandaling walang kupas sa pagkukop!  
At isipin, kapangyarihan ay Dios handa sa pagkakaloob.

‡ **TAWAG SA PAGSAMBA**                      **Mula sa Awit 33**

**Patnugot:** Lahat ng matuwid dapat na magsaya dahil sa ginawa ng Diyos sa kanila; kayong masunuri'y magpuri sa kanya!

**Kapulungan:** **Ang Diyos na si Yahweh ay pasalamatán, tugtugin ang alpa't awit ay saliwán. Isang bagong awit, awiting malakas, kasaliw ang tugtog ng alpang marilag!**

**Patnugot:** Si Yahweh ay tapat sa kanyang salita, at maaasahan ang kanyang ginawa. Minamahal niya ang gawang matapat, ang pag-ibig niya'y sa mundo'y laganap. Sa utos ni Yahweh, nalikha ang langit, ang araw, ang buwa't talang maririkit; sa iisang dako, tubig ay tinipon, at sa kalaliman ay doon kinulong.

**Kapulungan:** **Matakot Kay Yahweh ang lahat sa lupa! Dapat katakutan ng buong daigdig sa Kanyang salita ay pawang nayari, lumitaw ng bigla.**

**Patnugot:** Ang may takot sa Diyos, at nagtitiwala sa kanyang pag-ibig ay kinakalinga. Hindi babayaang sila ay mamatay, kahit magtaggutom sila'y binubuhay.

**Kapulungan:** **Ang ating pag-asa'y nasa Panginoong; Siya ang sanggalang natin at katulong. Dahilan sa Kanya, kami'y natutuwa sa Kanyang ngalan ay nagtitiwala.**

**Lahat:** Ipagkaloob Mo na aming makamit, O Yahweh, ang Iyong wagas na pag-ibig, yamang ang pag-asa'y sa'yo nasasalig!

‡ **INBOKASYON**

**Patnugot**

‡ **TUGONG AWIT**

**"Sa Puso Ko"**

**MASP # 263**

**TAWAG SA PAGSISISI**

**Patnugot:** Ito ang sabi ni Yahweh, magpakabuti na kayo, magbalik-loob sa akin; talikdan na ninyo ang masasamang gawain. Tumigil na kayo ng paggawa ng masama. Pag-aralan ninyong gumawa ng mabuti; pairalin ang katarungan; itigil ang pang-aapi; tulungan ang mga ulila; ipagtanggol ang mga balo. Halikayo at magliwanagan tayo, gaano man karami ang inyong kasalanan, handa akong ipatawad ang lahat ng iyan. Kahit na kayo'y maruming-marumi sa kasalanan, kayong magiging busilak sa kaputian (Isaias 1:16-18). Idulog natin ngayon sa ating maibigin at mahabaging Diyos ang lahat ng ating kahinaan at pagkakasala upang malubos ang ating kapatawaran at kaligtasan...

(tahimik na sandali ng pananalangin at paghingi ng tawad ng bawat isa  
...sa saliw ng tugtugin...)

**KATIYAKAN NG PAGPAPATAWAD NG DIYOS**

**Pastor**

**TUGONG AWIT NG PASASALAMAT “Ang Habag ni JesuKristo”**

**HOFJ # 40**

Ang habag ni Jesukristo, kasing lawak ng dagat,  
Ang Kanyang katarungan, higit na kalayaan;  
Ang ating kalungkutan at mga kasalanan,  
Sa habag Nya at kabutihan ay pinawi nang minsan.

Ang pag-ibig ng Diyos sa atinm umaapaw na tunay,  
Puso Niyayá mapang-unawa, puspos ng pagmamahal;  
Kung tunay ating pag-ibig at tiwala sa Maykapal,  
Kagalaka’y mararanasan l’walhatiin natin Siya.

**PANALANGIN NG BAYAN NG DIYOS**

**TUGONG AWIT**

**Ang Daing Namin**

**MASP # 15**

Ang daing namin, Oh! Dios ay dinggin; Kapayapaan mo’y nasang tanggapin. Amen.

**† GLORIA PATRI**

**† ANG PAGBASA NG BANAL NA KASULATAN**

**MENSAHE SA AWIT**

**SERMON/HOMILIYA**

**TAWAG SA PAGHAHANDOG**

**Patnugot:** Huwag kayong mag-impok ng mga kayamanan dito sa lupa; dito’y may naninirang tanga at kalawang, at may nakapapasok na magnanakaw. Sa halip, impukin ninyo ay mga kayamanan sa langit; doo’y walang naninirang tanga at kalawang, at walang nakapapasok na magnanakaw. Sapagkat kung saan naroon ang inyong kayamanan, naroon din naman ang inyong puso. Halina’t sama-sama natin ngayong ihandog ang ating mga ikapu, tinatangkilik, bunga ng pagpapagal, handog, at ang ating buong buhay sa Diyos ng pag-ibig at pagpapala.

**(ang paglikom ng mga handog gagampanan ng mga Deacons,  
kasabay ang handog na awit.)**

**† DOXOLOGY**

**† PANALANGIN NG PAGPAPASALAMAT**

**Patnugot**

**AWIT NG PAGTATALAGA**

**Nais Kong Isalaysay**

**MASP # 294**

Nais kong isalaysay ang ukol sa langit at l'walhati ni Cristo, at kanyang pag-ibig;  
Nais kong isalaysay, pagka't ito'y tunay; Sa t'wing aking uliti'y ako'y nasisiyahan.

**KORO:**

Nais kong isalaysay ang lumang kasaysayang, ukol sa pagmamahal ni Cristo sa tanan.

Nais kong isalaysay ang buhay ni Jesus na puspos ng hiwaga, lipos ng pag-irog;  
Nais kong 'yong malaman ang tanging dahilan, bakit mahal sa akin, ngalan niyang banal.

Nais kong isalaysay ng iyong mabatid, sa t'wing ulit-uliti'y lalong tumatamis;  
Nais kong ibalita, sa di nakarinig, aral ng kaligtasan, na buhat sa langit.

‡ Nais kong ipahayag sa nakaalam, kahit sila ay waring laging nauuhaw;  
At kung ako'y umawit sa kal'walhatian, ang lumang kasaysayan, ang awit kong mahal.

‡ **PANALANGIN NG PAGTATALAGA AT BENDISYON**

**Pastor**

‡ **TUGONG AWIT**

**Tatlong Amen**

**SANDALI NG KATAHIMIKAN/RESESYUNAL**

---